# Ikaw Ba ay Isang Imigranteng Nangangailangan ng Mga Legal na Serbisyo?

*Ang lahat ng tao sa California ay maaaring maka-access sa mga legal na serbisyo, anuman ang kanilang pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon.*

Ang State Bar ay isang ahensiya ng estado na nangangasiwa sa legal na propesyon sa California, kabilang ang pagbibigay ng lisensya sa mga abogado.

Hindi maaaring kumatawan ang State Bar sa mga kliyente o i-refer ka sa isang partikular na abogado. Gayunpaman, maaaring magbigay ang ahensiya ng mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa kung saan maaaring pumunta para sa mga legal na serbisyo.

Kung kailangan mo ng abogado, maaari kang ikonekta ng State Bar sa mga nagbibigay ng libre o murang tulong. Maraming nag-aalok ng serbisyo sa iba't ibang wika. Matutulungan ka rin naming maghanap ng lokal na serbisyo para sa pag-refer ng abogadong makakatulong sa iyong makipag-ugnayan sa isang pribadong abogado.

Maaaring matulungan ka ng mga organisasyong nakalista sa pamphlet na ito upang makahanap ng mga legal na serbisyong kailangan mo. Para sa komprehensibo at napapanahong listahan ng mga organisasyong nagbibigay ng legal na tulong sa mga imigrante sa California, mangyaring pumunta sa www.calbar.ca.gov/ImmigrationLegalAid.

## MAKIPAG-UGNAYAN SA STATE BAR NG CALIFORNIA

Kailangan ng Legal na Tulong o upang Maghanap ng Abogado
866-44-CA-LAW (866-442-2529)
Sa labas ng California: 415-538-2250

Mga Reklamo: Maling Gawi ng Abogado o Hindi Awtorisadong Pagsasanay ng Batas
800-843-9053
Sa labas ng California: 213-765-1200

Pondo para sa Seguridad ng Kliyente
Binabayaran muli ang mga kliyenteng nawalan ng pera o pag-aari dahil sa maling gawi ng abogado.
May nalalapat na mga paghihigpit.
213-765-1140
Email: clientsecurityfund@calbar.ca.gov

### Mga Tanggapan:

Pangunahing Tanggapan:
The State Bar of California
180 Howard Street
San Francisco, CA 94105
415-538-2000

Tanggapan sa Los Angeles:
The State Bar of California
845 South Figueroa Street
Los Angeles, CA 90017
213-765-1000

**www.calbar.ca.gov**

**I-follow ang State Bar:**

Naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga legal na serbisyo sa iyong katutubong wika?
**Tawagan ang State Bar sa 866-44-CA-LAW.**

Mababasa rin ang pamphlet na ito sa wikang:
Espanyol Español • Vietnamese Tiếng Việt
Koreano 한국어 • Tsino 中文
Ruso Русский • Tagalog

May bisa ang impormasyon sa pamphlet na ito mula Setyembre 2019.



# Ikaw Ba ay Isang Imigranteng Nangangailangan ng Mga Legal na Serbisyo?

## Narito kami upang tumulong

The State Bar *of California*

# LEGAL SERVICES FOR IMMIGRANTS SA CALIFORNIA

## Rapid Response Networks (Mga Network para sa Mabilis na Pagtugon)

Ito ay mga koalisyon ng mga organisasyon ng karapatang pantao at serbisyo, abogado, at lider sa komunidad na nakatuon sa pagtulong sa mga imigrante at kanilang mga pamilya kapag kailangan ng mabilisang pagkilos.

- Listahan ng mga Rapid Response Network ng California Collaborative for Immigration Justice Statewide (Pagtutulungan ng California para sa Hustisya sa Imigrasyon sa Buong Estado)
  https://www.ccijustice.org/find-your-local-rr-hotline
- Los Angeles Raids and Rapid Response Network (Mga Raid at Network para sa Mabilis na Pagtugon sa Los Angeles)
  888-624-4752
- San Francisco Immigrants Legal & Education Network (Network ukol sa Batas at Edukasyon ng Mga Imigrante sa San Francisco)—Rapid Response Network
  www.sfilen.org
  415-200-1548

## Alamin ang Iyong Mga Karapatan

- California Office of the Attorney General (Tanggapan ng Pangkalahatang Abogado sa California)
  www.oag.ca.gov/immigrant
  Ang Office of Immigration Assistance (Tanggapan ng Tulong sa Imigrasyon) ng ahensiya ay nagbibigay ng komprehensibong impormasyon tungkol sa iyong mga legal na karapatan sa iba't ibang wika.
  800-952-5225 (walang toll sa California)
- California Immigrant Guide (Gabay para sa Imigrante sa California)
  www.immigrantguide.ca.gov
  Ang online guide na ito, na magagamit sa iba't ibang wika, ay ibinibigay ng Estado ng California at naglalaman ng bahagi tungkol sa mga legal na karapatan at pagkamamamayan.
- National Immigration Law Center (Pambansang Sentro ng Batas sa Imigrasyon)
  www.nilc.org
  Isang nonprofit na may impormasyon tungkol sa mga pambansang batas sa imigrasyon at karapatan ng mga imigrante.
  213-639-3900

## Maghanap ng Mura/Libreng Legal na Tulong

- Listahan ng Contact para sa Mga Mapagkukunan ukol sa Batas
  www.calbar.ca.gov/ImmigrationLegalAid
  Ang listahan ng State Bar ng mga nagbibigay ng legal na tulong sa California na nagbibigay ng mga legal na serbisyong may kaugnayan sa imigrasyon ay binuo ng korte ng imigrasyon at maaaring basahin sa wikang Ingles at Espanyol.
- LawHelpCA
  www.lawhelpca.org
  Isang libreng mapagkukunan ng impormasyong tungkol sa mga karaniwang legal na problema sa California. Nagbibigay ng na-update na direktoryo ng mga organisasyong nag-aalok ng libre o murang legal na tulong at representasyon.
- California Rural Legal Assistance (Legal na Tulong sa Lalawigan sa California)
  www.crla.org
  Isang nonprofit na nagbibigay ng mga serbisyo at programa para sa mga residenteng mababa ang kita, kabilang ang mga imigrante, sa mga lalawigan.
- Immigration Advocates Legal Services Directory (Direktoryo ng Mga Legal na Serbisyo ng Mga Tagapagtaguyod ng Imigrasyon)
  www.immigrationadvocates.org/legaldirectory
  Pambansang direktoryo kung saan maaaring maghanap ng mga libre o murang legal na serbisyo sa imigrasyon

## Maghanap ng isang Abugado sa Imigrasyon

- Lawyer Referral Services (Mga Serbisyo sa Pagrerekomenda sa Abugado)
  www.calbar.ca.gov/lrs
  Mga lokal na ahensya na maaaring magrekomenda sa iyo sa isang lisensyadong abugado sa iyong komunidad. Maaari kang irekomenda ng State Bar sa isang sertipikadong serbisyo ng referral ng abugado sa iyong lugar. 866-442-2529, o 415-538-2250 (mula sa labas ng California)
  Email: LRS@calbar.ca.gov
- American Immigration Lawyers Association (Samahan ng Mga Abugado sa Imigrasyon ng Amerika) • www.ailalawyer.com
  Mahigit sa 15,000 mga abugado sa imigrasyon ay mga miyembro ng AILA, ang tanging samahan sa Estados Unidos para sa mga abugado sa imigrasyon. Ang mga abugado sa imigrasyon na lisensyado sa anumang estado ay maaaring magsagawa ng batas sa imigrasyon sa California at kumatawan sa iyo sa isang embahada ng Estados Unidos o consulate sa ibang bansa.

## TUNGKOL SA MGA TAGAPAYO SA IMIGRASYON

Kung kumuha ka ng tagapayo sa imigrasyon sa halip na abogado, kailangan mong malaman kung ano ang maaari at hindi maaaring gawin ng mga tagapayo na ito. Maaari kang tulungan ng mga tagapayo sa imigrasyon na punan ang dokumento, magsalin ng mga dokumento, at magsumite ng mga form sa mga ahensiya ng gobyerno. Sa California, hindi sila pinapayagang magbigay ng legal na payo, kumatawan sa mga kliyente sa Korte ng Imigrasyon, o pumili ng kung aling mga form ang kailangan mong isumite sa mga ahensiya ng gobyerno.

Upang tiyakin kung sertipikadong magtrabaho sa California ang isang tagapayo sa imigrasyon, maaari mong gamitin ang search page na ito na mula sa California Secretary of State: **specialfilings.sos.gov/icbs**

## TUNGKOL SA IBA PANG MGA LEGAL NA PROBLEMA

Kung kailangan mo ng tulong sa mga legal na problema maliban sa imigrasyon - tulad ng will (testamento), diborsiyo, o isang kriminal na kaso – makipag-ugnayan sa State Bar para sa isang referral o makipag-ugnayan sa LawHelpCA: www.lawhelpca.org.

## KAILAN AT SAAN MAGSASAMPA NG REKLAMO

Kung naghihinala kang ang taong nag-aalok sa iyo ng legal na serbisyo ay walang kakayahan, o kumikilos sa isang hindi tapat at mapanlinlang na paraan, maaari kang magsampa ng reklamo sa State Bar. Kung may nangako o nagbigay sa iyo ng legal na payo pero hindi siya lisensyadong abogado, dapat mo itong ipaalam sa State Bar at magsampa ng reklamo. Malalaman mo kung lisensyadong abogado ang isang tao sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa State Bar.

Maaaring mapigilan ng pagsasampa ng kaso ang pananamantala sa ibang mga tao sa iyong komunidad, at maaaring maging kwalipikado ka para matanggap ulit ang iyong binayad kung binayaran mo ang isang abogado na gumawa ng maling gawi.

May mga form ng reklamo sa wikang Ingles, Espanyol, Vietnamese, Koreano, Russian, at Chinese. Hindi mo kailangang maging mamamayan ng U.S. para magsampa ng reklamo, at hindi ka tatanungin ng State Bar tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon. Walang bayad ang paghain ng isang reklamo.

## ANONG MANGYAYARI PAGKATAPOS MO MAGSAMPA NG REKLAMO

Kapag nagsampa ka ng reklamo, makakatanggap ka ng kumpirmasyong natanggap na ito ng State Bar. Maingat na susuriin ng ahensiya ang iyong reklamo at mag-iimbestiga ayon sa naaangkop.

**Para sa mga detalye ng proseso ng reklamo:**
www.calbar.ca.gov/AfterComplaint